## SO WHAT

- Basahin ang 1 Pedro 2:9,10. Bakit nais ng Diyos na mamuhay tayo ng may kabanalan? Sino ang makakatulong sa ating mamuhay ng walang bahid at banal?
- Ano ang masasabi mo tungkol sa Lucas 11:28? Papaano ito naging makatotohanan sa iyong buhay?
- Ayun sa 1 Juan 1:9, may pag-asa ba para sa mga dating namuhay sa kahalayan?

## NOW WHAT

- Ano ang maaari mong bitiwan o simulang gawin upang sundin ang kalinisan at kabanalan simula ngayong linggo?
- Papaano mo masisiguro na ang lahat ng iyong ugnayan ay umaayon sa pamantayan ng kalinisan at kabanalan?
- Papaano mo tinitingnan ang mga nahulog sa kahalayan sa kanilang nakaraan? Papaano mo maibabahgi ang pagmamahal ng Diyos sa taong ito ngayong linggo?

# PRAYER

- Manalangin para sa grasya ng Diyos na makakatulong sa iyong mamuhay ayon sa pamantayan ng kadalisayan at kabanalan.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang labanan ang mga tukso at layuan ang mga pagkakataong nalalagay ka sa kompromiso.
- Magdasal na buksan ng Diyos ang pagkakataon para sa iyo upang makatulong sa kapwang kailangang magsisi.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 **FILIPINO**

# . . . Piliing Maging Walang Bahid?




## NOTES

# CONNECT

- Ano ang nais mong makamit ng iyong mahal sa buhay sa kinabukasan? Bakit?
- Ikwento ang pagkakataong naparusahan ka dahil sa hindi pagsunod sa utos noong bata ka pa. Anong aral ang napulot mo sa karanasang ito?
- Ano para sa iyo ang pinakamasaklap na parusa para sa paglabag sa batas ng iyong paaralan?

**WORD**

*[3]Nais ng Diyos na maging banal kayo, kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. [4]Dapat ay matutong makitungo ang bawat isa sa asawa niya sa banal at marangal na pamamaraan, [5]at hindi sa makamundong pagnanasa katulad ng ginagawa ng mga hindi kumikilala sa Diyos, [6]upang sa ganoon, hindi kayo makagagawa ng masama o mananamantala ng kapwa, dahil parurusahan ng Diyos ang sinumang gumagawa ng mga ito, tulad ng sinabi at pinaalala namin sa inyo noon pa. [7]Tinawag tayo ng Diyos para mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan.* 1 TESALONICA 4:3-7

**WHAT**

Sa panahon ngayon, kahit ano na lang ang pamumuhay ng mga tao. Masyadong marami ang mga pagpipilian kung papaano natin gustong mamuhay. Subalit, hindi nito tinitiyak na magiging maganda ang idudulot ng ating pasya. Ano ba ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pagpasyang mamuhay ng maka-Diyos?

## 1 Nais ng Diyos na tayo ay maging banal.

*Nais ng Diyos na maging banal kayo . . .* 1 TESALONICA 4:3

Maraming tao ang nag-aakalang ang kabanalan ay di' na napapanahon at di' ka liligaya. Nakakaligtaan nila na ang tunay na layunin nito ay upang ilaan tayo para sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Hindi nila naiintindihan na ang kabanalan ay nilaan ng Diyos para sa ating kabutihan. Anu-ano ang mga kapakinabangan ng pagiging malinis at banal? Kung maaari ay magbigay ng mga halimbawang naganap sa totoong buhay.

## 2 Ang sekswal na walang bahid ay bahagi ng kabanalan.

*[3]. . . kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. [4]Dapat ay matutong makitungo ang bawat isa sa asawa niya sa banal at marangal na pamamaraan, [5]at hindi sa makamundong pagnanasa katulad ng ginagawa ng mga hindi kumikilala sa Diyos, [6]upang sa ganoon, hindi kayo makagagawa ng masama o mananamantala ng kapwa . . .* 1 TESALONICA 4:6,7

Bahagi ng kabanalan ay ang pag-iwas sa kahalayan. Kapag nahulog ang isang tao rito, nabubuksan niya ang pintuan tungo sa napakaraming problema na dala ng kasalanang ito na nagdudulot ng pisikal, emosyonal, at espirituwal na pagkasugat. Ano ang makakatulong sa ating mapanatiling malinis ang ating pamumuhay (Salmo 119:9-16)?

## 3 Ang kahalayan ay mapaparusahan.

*[6]. . . dahil parurusahan ng Diyos ang sinumang gumagawa ng mga ito, tulad ng sinabi at pinaalala namin sa inyo noon pa. [7]Tinawag tayo ng Diyos para mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan.* MANGANGARAL 4:12

Maliban pa sa mga masasamang epektong dulot ng kahalayan, sa huli ay paparusahan ng walang hanggang kamatayan ng Diyos ang kahalayan. Ngunit may pag-asa at kapatawaran naman para sa taong manunumbalik kay Kristo. Ano ang ginawa ni Jesus upang iligtas tayo sa bunga ng kasalanan sa kabuuan (1 Pedro 2:24; Roma 4:25)?